



دار زايد للثقافة الإسلامية  
Zayed House For Islamic Culture

## Pagpapatunay mula sa Qur'an sa Muling Pagkabuhay



zhic.uae @zhic\_uae zhic\_uae zhic

800 555



اتصل على  
JUST CALL

P.O Box: 16090, Al Ain, U.A.E  
www.zhic.ae contact@abudhabi.ae

Ang tao, karaniwan niyang pinag-iisipan ang bawat kahihinatnan; silang mga gumagawa ng mabuti ay naghahangad ng mabuting gantimpala, at silang nagawan ng kamalian ay sabik na naghihintay ng katarungan. Ngunit sa pagbabago ng panahon, yaon ay wala ng kasiguraduhan. Kaya naman sa katalinuhan ng Allah ay ang pagkakaroon ng muling pagkabuhay nang sa gayo'y magbayad ang silang mga may nagawan ng kasalanan.

Ang banal na Qur'an ay nagbibigay ng makatwiran, makabuluhan, at maksaysayang mga ebidensya patungkol sa muling pagkabuhay para sagutin ang iba't ibang paniniwala at ideolohiya ng tao.

Dahil dito, ang pagbibigay katibayan sa simula ng paglikha ay isa sa pinakamalinaw na patunay na mula sa Qur'an para sa posibilidad ng muling paglikha at pagbuhay. Ang Allah ay nagsabi: *At siya ay naghambing para sa Amin ng isang katulad, at nakalimot ng katunayan ng kanyang paglikha, nagsasabi: Sinong bubuhay sa mga butong ito kapag sila ay nabulok palayo? Sabihin: Siya ay bubuhay sa kanilang Siyang gumawa sa kanila sa una, sapagka't Siya ay Tagaalam ng bawa't nilikha.*<sup>[1]</sup>

Bukod pa rito ay ang pagbuhay muli sa mga tuyong lupa para tubuan ng halaman and ganun din ang buhay pagkatapos ng kamatayan ay isang malinaw na katibayan na kayan muling buhayin ng Allah ang patay. Ang Allah ay nagwika: *At si Allah itong nagpadala ng mga hangin at sila ay nagtaas sa isang ulap; pagkatapos Aming ginabayan ang mga ito patungo sa isang patay na lupain at binuhay kasama noon ang lupa matapos ang kamatayan nito. Ang ganyan ay ang Pagkabuhay.*<sup>[2]</sup>

Maliban dito, pinapakita ng Qur'an na ang pagtulog at paggising ay isa ring simpleng konsepto ng muling pagkabuhay. Ang paggising mula sa pagkatulog ay ang pagbalik ng buhay mula sa kawalan ng malay. Ang Allah ay nagsabi: *Siya itong tumipon sa inyo sa gabi at nakaalam niyang inyong ginawa sa araw. Pagkatapos Siya ay nagtayong muli sa inyo sa pagkabuhay sa loob noon, upang ang katapusang inihanda (para sa inyo) ay matupad. At pagkatapos sa Kanya ay ang inyong pagbabalik. Pagkatapos Kanyang ihahayag sa inyo ang anong inyo dating ginagawa.* <sup>[1]</sup>

Ganoon din, ang Qur'an ay nagbibigay ng malinaw na patunay sa muling pagkabuhay sa pamamagitan ng pagobesrba sa kalikasan. Na kung saan ay ang pagtubo nito ay nangangahulugan ng pagkabuhay nito mula sa lupa. Ang Allah ay nagwika: *Siya ay nagdala sa pangmasid ng nabubuhay galing sa patay, at Siya ay nagdala sa pangmasid ng patay galing sa nabubuhay, at Siya ay bumuhay sa lupa matapos ang kamatayan nito. At tulad sa gayon, kayo ay dadalhin sa pangmasid.* <sup>[2]</sup>

Ang mga nabanggit ay ilan laman sa matibay na katibayan patungkol sa muling pagkabuhay, na kahalintulad ng karamihang relihiyon na nakikita sa mga larawang pinta, mga ukit, at makalumang sulat. Na kung saan maraming Philosophers tulad nina Socrate at Plato, ganun din ang mga modernong maaalam ang ang tumatanggap sa konepto ng muling pagkabuhay.

Ang paniniwala ng Islam sa buhay ay sakop hanggang kabilang buhay. Ang paniniwala sa muling pagkabuhay ay tumutulong na makaiwas sa gawaing masama at naghihikayat na magkaroon ng pag-asa sa kabila ng mga pagsubok sa buhay, dahil sa tiwalang ibibigay na gantimpala ng Panginoon, kanyang hustisya, at awa.